HOUSE OF REPRESENTATIVES
RECEIVED
SEP 19 2019
DATE:
TIME:
BY:
BILLS & INDEX DIVISION

Republika ng Pilipinas
MABABANG KAPULUNGAN KONGRESO
Lungsod ng Quezon, Kalakhang Maynila

IKA-LABINGWALONG KONGRESO
Unang Palagiang Sesyon

RESOLUSYON NG KAPULUNGAN Bilang 354

Inihain ng mga
Kinatawan ng Bayan Muna Party-list EUFEMIA C. CULLAMAT,
CARLOS ISAGANI T. ZARATE at FERDINAND R. GAITE,
Kinatawan ng Gabriela Women's Party ARLENE BROSAS,
Kinatawan ng ACT Teachers Party-list FRANCE CASTRO,
at Kinatawan ng Kabataan Party-list SARAH JANE ELAGO

RESOLUSYONG NANANAWAGAN PARA SA AGARANG PAG-IMBISTIGA SA PAGPATAY KAY LEONIDES BACONG, LOKAL NA LIDER NG KILUSANG MAGBUBUKID NG PILIPINAS SA BUKIDNON

YAYAMANG, nagpapatuloy ang walang saysay na patayan sa Mindanao;

YAYAMANG, halos araw-araw ay may isang taong pinapatay sa Mindanao, Negros at iba pang dako ng Pilipinas;

YAYAMANG, ang mga patayang ito ay lumilitaw na sistematiko at may tiyak na iisang grupong tinatarget: mga tao na kasapi ng tinatawag na *cause-oriented groups* at/o, mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, at/o mga aktibista na kritikal na pumupuna sa pamamalakad ng pamahalaan;

YAYAMANG, isa na namang lider ng mga *cause-oriented groups* at/o, mga tagapagtanggol ng karapatang pantao, at/o mga aktibista na kritikal na pumupuna sa pamamalakad ng pamahalaan ay pinaslang noong ika-11 ng Septyembre 2019 sa pamamagitan ng pagbaril at pagbaon sa kanyang ulo ng tatlong bala;

YAYAMANG, si Leonides Bacong, ang biktimang ito ng isa na namang brutal na pagpaslang ay lokal na lider ng Kasama-Bukidnon, ang lokal na balangay ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas sa nasabing lalawigan, ay pinaslang nang may katulad na modus sa sistematikong pagpaslang sa mga kasong nabanggit sa itaas, sa kanyang tahanan sa Brgy. Little Baguio, Bukidnon;

YAYAMANG, mataas ang posibilidad na mapabilang si Leonides Bacong sa maraming biktima ng pagpaslang—na isinakatuparan ng mga hinihinalang armadong pwersa ng pamahalaan—na nauwi na lamang sa limot at nanatiling numero sa tumataas na estatistika ng sistematiko at brutal na atakeng ito;

YAYAMANG, si Leonides Bacong ang ika-15 biktima sa Bukidnon ng brutal na pagpaslang na ito—na isinakatuparan ng mga hinihinalang armadong pwersa ng pamahalaan—kung saan naulila ang pito (7) niyang anak;

YAYAMANG, ang brutal na sistematikong atakeng ito ay tahasang bumabastos sa mga karapatang ginagarantyahan ng ating Saligang Batas patungkol sa Karapatan Sa Buhay, Kalayaan, at Ari-arian;

YAYAMANG, ang brutal na sistematikong atakeng ito ay tahasang bumabastos sa lahat ng mga batas ng Pilipinas na naggagarantya sa mga karapatang binanggit sa Katipunan ng mga Karapatan na matatagpuan sa Artikulo III, ng ating 1987 Saligang Batas;

YAYAMANG, ang brutal na sistematikong atakeng ito ay tahasang bumabastos sa mga internasyunal na kasunduan at internasyunal na batas na gumagarantya sa karapatan ng mamamayan sa kanilang buhay, kalayaan, kapanatagan sa sarili, at sa pagpuna sa mga pamamalakad ng pamahalaan, tulad ng: 1942 Pandaigdigang Deklarasyon ng Karapatang Pantao; at kalipunan ng mga Internasyunal na Makataong Batas tulad ng 1949 Kumbensyong Geneva at mga 1977 Dagdag na Protokol hinggil sa karapatan ng mga hindi armadong sibilyang naiipit at/o iniipit ng mga armadong pwersa ng estado sa mga armadong tunggalian;

YAYAMANG, mandato ng kapulungang ito na gumawa ng batas na magtatanggol sa kanyang mga mamamayan at maniguro na ang mga naunang batas na nagtitiyak sa paggalang sa karapatang pantao ay naipapatupad nang lubusan;

KUNG GAYON, BAYAANG IPASYA, AT NGAYUN NGA AY IPINAPASYA ng kapulungang ito, sa pamamagitan ng Komite sa Karapatang Pantao *(Committee on Human Rights)* ng Mababang Kapulungan ng Kongreso na magsagawa ng imbestigasyon, bilang tulong sa pagsasabatas, hinggil sa pagpaslang kay Leonides Bacong at sa lahat ng biktima ng pagpaslang sa Bukidnon.

Pinagtibay

EUFEMIA C. CULLAMAT
BAYAN MUNA Party-list

CARLOS ISAGANI T. ZARATE
BAYAN MUNA Party-list

FERDINAND R. GAITE
BAYAN MUNA Party-list

FRANCE L. CASTRO
ACT TEACHERS Party-list

ARLENE D. BROSAS
GABRIELA WOMEN'S Party

SARAH JANE I. ELAGO
KABATAAN Party-list